

1

“Can you please turn off your radio?” sigaw ni Nina kay Jarrod na enjoy na enjoy sa malakas na tugtog sa cellphone nito.

Nakakairita talaga ang lalaking ito na sa akala ay walang ibang tao sa silid na iyon. Kung tutuusin ay dapat hanggang sala lang ang bisita nila sa bahay. Ngunit dahil wala ang mommy niya ay dinala ng Ate Christine niya ang nobyo nitong ubod ng angas at kapreskuhan sa mismong silid niya! Siyempre ay hindi nito dadalhin ang lalaki sa sarili nitong kuwarto dahil magulo iyon. Burara kasi ang nakatatandang kapatid niya samantalang siya naman ay ubod ng sinop sa kagamitan.

Apat na taon ang tanda ng ate niya sa kanya. Fourth year irregular student ito sa *Jesuit College of Morterra*. Dapat ay graduating na ito sa five-year course nitong Veterinary Medicine, ngunit dahil sa lakwatsera ito ay nahilang pababa ng bisyo. Ngayon nga’y boyfriend pa nito ang pamangkin ng professor nito.

Ang alam niya base na rin sa mga kuwento nito ay may trabaho na si Jarrod, isang apprentice daw

ito sa pamamahala sa negosyo ng mga ito. Jarrod's family name is Salcebar so he was naturally one of the richest kids in town. Kilala ang pamilya nito dahil napakayaman ng mga ito. Halata naman sa hangin ng lalaking ito at talagang ipinatong pa ang paa sa kanyang favorite cushion. Pagmamay-ari ng pamilya nito ang isang media network sa Manila at ilang malalaking chain of restaurants na siyang unang negosyo ng mga ito. Graduate ito ng Business Administration.

Tumingin sa kanya si Jarrod at ngumiti. Binalingan nito ang cellphone upang i-turn off ang speaker at humingi ng paumanhin sa kanya. Sumimangot siya at bumalik sa higaan upang mag-aral.

Nakakapag-concentrate na siya sa kanyang binabasa nang pumasok sa silid ang kanyang kapatid, at tulad ng dati ay nagharutan ang dalawa. Minabuti niyang magtungo na lamang sa kanilang library at doon ipagpatuloy ang pag-review ng notes niya. Hindi niya maiwasang maghimutok sa ate niya dahil sa distractions nito sa kanyang pag-aaral. Beinte-uno na si Christine, ngunit kung umasta ito ay parang teenager pa rin.

Makaraan ang dalawang oras ay narinig niya ang kotseng paalis ng bahay. *So, the guy finally decided*

to get lost.

Hindi niya alam kung siya ay masyadong nagiging snob dahil hindi talaga niya magustuhan ang Jarrod na iyon. He was extremely mischievous, and evil and sarcastic—at least sa kanya. Tila alam nitong hindi niya ito gusto kaya lalo pa siya nitong iniinis. Sinabi niyang minsan sa ate niya ang tungkol sa pang-iinis ng nobyo nito, subalit ang isinagot lamang nito ay natutuwa lamang ang lalaki sa kanya dahil wala itong nakababatang kapatid.

Sa eskuwelahan, siya ang napipisil na maging valedictorian. Ang dating niya ay isang usual nerdy type na over-achiever. Pagka-graduate niya sa high school, balak niyang tumuloy sa Manila upang doon mag-college pero tinutulan iyon ng kanyang ama. Sinabi nitong manatili na lamang siya sa kanilang lugar at pumasok sa *Jesuit College of Morterra*. Maganda naman doon kaya lang ay gusto sana niyang ma-expose sa ibang environment.

Para kay Nina, monotonous na ang buhay niya. Wala nang bago, everything felt like an endless routine. And she wanted to broaden the horizon of her experiences. Alam niyang feeling ng lahat ay isa siyang super timid girl na walang inatupag kundi magbasa nang magbasa. Although that is partially

true ay hindi naman siya totally anti-social.

Sa katunayan ay gusto niyang pumunta sa Manila to reinvent herself. Kung mananatili kasi siya rito sa kanila ay sigurado siyang may magiging barriers pa rin sa kanya upang mapatunayan sa sarili kung ano talaga ang gusto niya. She wanted to grow up.

Masyado siyang bine-baby ng kanyang mga magulang at masyado rin siyang limitado sa school. She hated stereotypes kaya gusto niyang lumayo. Only that she had to convince the world para magawa iyon. Bumalik siya sa kanyang silid at nagulat na lamang siya sa nakita. Jarrod was sleeping on her bed!

Sino 'yung lumabas? Where is Ate Christine? Why is this man sleeping on my bed?

Dahil hindi niya nais na makagawa ng ingay ay patiyad siyang lumakad papunta sa kama. Gusto niyang makasiguro kung nagbibiro lamang ang lalaki at nagtutulug-tulugan o talagang tulog nga ito. Nakadapa si Jarrod na animo ay ito ang may-ari ng kamang hinihigaan nito. *What a beast!* Nang makaabot sa kabilang dulo ng kama ay sinilip niya ang mukha ng lalaki. Nakapikit ito pero malay ba niya kung talaga ngang tulog ito. And okay, he's super guwapo—kahit tulog. Pero hindi iyon ibig sabihin na

gusto na niya ito. Tinapik niya ito sa balikat; hindi ito kumilos. Muli niya itong tinapik na sinabayan ng pagtawag sa pangalan nito. Again, he didn't wake up. Nang sa pangalawang beses ay tinapik niya ito sa balikat ay bigla siya nitong ginulat.

Dahil sa sobrang gulat, napatili siyang napaupo sa sahi. Halos mangiyak-ngiyak siya sa sakit ng pagkakatumba niya sa baldosa.

Tawa naman nang tawa ang binata. Ni hindi man lang ito nag-offer na itayo siya. Sa tindi ng galit niya rito ay dali-dali siyang tumayo at hinagip ang isang makapal na English textbook sa mesa at hinampas iyon dito. Sapul ito sa pisngi! Napadaing ito sa sakit saka minasahe ang nasaktang bahagi ng mukha.

Hah! Served him right! turan niya sa kanyang isipan.

“Now, we're even. Get out of my room!” nakapamaywang pang pahayag niya habang hinihimas pa rin nito ang nasaktang panga. Itinuro pa niya ang pinto upang i-emphasize na lumabas na ito.

“That really hurts, kid,” seryosong sabi nito. Ngunit nagkunwari siyang hindi niya ito narinig.

“I said get out,” pag-uulit niya.

“Make me.”

Muli sana niyang ihahampas ang libro kay Jarrod nang agawin nito iyon sa kanya. Nanggigigil siya sa inis at humagilap ng bagay na puwede niyang ipanghahampas dito. Pero bago pa niya maabot ang isa pang hardbound book ay hinatak nito ang kamay niya. Nanlilisik ang mga mata na tumingin siya rito at tinangkang abutin ang libro gamit ang libreng kamay pero hinuli rin nito iyon. Pumiksi siya at sinubukang makawala sa lalaki.

“Bitiwan mo nga ako!” mataray na utos niya.

“Not a chance,” he said.

“Sisigaw ako!” pananakot niya.

“Try more, kid.”

Naiinis na talaga siya rito. Gamit ang buong lakas ay sinubukan niyang makawala rito. She twisted and turned but to no avail. Ayaw siyang bitawan ni Jarrod. Sinubukan niyang tadyakan ito. Dahil nakaluhod ito sa kama, inilagay niya ang isang paa sa tuhod nito at itinulak iyon para makawala ang mga kamay niya. Dumudulas na ang kanyang mga kamay mula sa pagkakahawak nito nang bigla siya nitong bitiwan.

Dahil sa ginawa nito sa momentum ay nawalan

siya ng balanse at bumagsak muli sa sahig, this time harder dahil ang isa niyang binti ay nakasangga sa tuhod nito. Literally, she was smashed on the floor. Her back ached, her head throbbing, her hips felt dislocated and her feet useless. Bigla ay hindi siya makahinga. May asthma attack siya!

Biglang napahawak sa dibdib si Nina, trying to catch air. Hindi siya makatayo. *God! I'm gonna die!* Mayamaya ay mayroong umalalay sa kanya at inabot sa kanya ang inhaler niya. After several hard breaths ay normal na ulit ang hininga niya. Naramdaman niya ang pagbalik ng sakit sa kanyang katawan.

“Are you okay?” untag ni Jarrod na siyang nag-abot ng kanyang inhaler at pinaupo siya sa kama. Puno ng pag-aalala ang tinig nito.

“Of course not, stupid!” galit na galit na tugon niya. “Now, get out!” sigaw niya. Umiiyak na siya sa sakit ng katawan niya at sa pagkapahiya. “I said get out!” muling sigaw niya, mas malakas.

Walang nagawa ang binata kundi ang lumabas na lang ng silid ni Nina. He was extremely sorry for what he did. Hindi na siya nag-isip nang mabuti kanina. Nakasakit pa tuloy siya lalo na nang makitang umiiyak ang dalagita. He was so stupid! *Shit!*

Tamang-tamang dumating ang sasakyan niyang ginamit ni Christine dahil may binili itong merienda. Dali-dali siyang pumunta sa garahe at inagaw ang susi mula sa nobya at walang pasabing sumakay ng kotse at pinaharurot iyon palayo. Mamaya na siya magpapaliwanag kay Christine. Alam din niyang kapag nagsumbong si Nina rito ay baka hiwalayan na siya nito.

Surprisingly, hindi siya nag-aalala sa isiping hihiwalayan siya ng nobya. What bothered him was Nina. Her face was red at naluluha ito sa sobrang galit. One moment there ay talagang nataranta siya nang makitang hindi ito makahinga. Mabuti na lang at may labels ang cabinet nito kaya nakita kaagad niya ang inhaler.

But what bothered him the most was the fact that he actually had an arousal when he helped her sit on the bed and had smelled her sweet cologne. He had also felt instantly aware when her skin touched his, even if that was an *emergency* situation.

Shit! She is just a kid! pangaral pa niya sa sarili. Iyon na lamang ang kaya niyang gawin dahil maging siya ay hindi kayang ipaliwanag kung bakit ganoon ang naging epekto ni Nina sa kanya.

Nakarating siya sa kanyang pad. Dali-dali siyang

pumasok at tumuloy sa kanyang silid. Humiga siya sa kama at tunitig sa kisame. Mayamaya ay iginala niya ang paningin sa loob ng kanyang malawak na silid at nakadama siya ng kasiyahan.

Everything looked utterly male just as he liked it. Matatawag na fruit of labor ang lugar na ito at masaya siya na mayroon siyang sariling tinutuluyan. Not only did it saved him from the steely demeanor of his family toward him, but also because this pad represents his independence from his family which made him design the loft that made his mom's jaw drop.

Minamasahe niya ang kanyang ulo nang tumunog ang kanyang cellphone. Alam na niya kung sino ang tumatawag, subalit hindi siya nag-abalang sagutin iyon. Ayaw niyang magpaliwanag kung ano ang nangyari. He felt so guilty about everything. He wasn't like this. He was never the nice type of a guy. Ni hindi niya matandaan kung kailan ang huling beses na humingi siya ng sorry—kahit sa kanyang mga magulang.

Oh, crap! Naiinis na kinuha niya ang aparato upang tumigil na iyon sa pagtunog.

As expected, Christine wanted to kill him, and just like that, he was single again. It really didn't

bother him. Not that he didn't care about her but because he felt more relieved that she had finally called it quits between them. Hindi pa siya handa na magkaroon ng serious commitment kahit na twenty-six years old na siya at maaaring nang mag-asawa. He felt he wasn't responsible enough for it.

He wanted to try to please his family. Hindi lang talaga kayang mag-meet ng kanyang abilities at ng expectations ng kanyang pamilya. They were on different ends. His family wanted him in the office wearing a crisp suit and polished shoes, while he wanted to be in the farm, wearing rugged clothes and muddy boots.

Nais niyang muling buhayin ang kanilang farm na napabayaan na. Located in the lonely town of Carballes, it was brought by the family some decades ago, when his grandparents were still alive. Ideal at productive ang farm noong una, ngunit nang mamatay ang kanyang abuelo ay wala ni isa sa mga kapamilya niya ang may gusto niyon. Siyempre nga naman ay naroon ang restaurants at ang media company na kailangang asikasuhin at palaguin, kaya kinalimutan ng mga ito ang farm, bagay na labis na ikinalungkot ng lola niya.

Nagsimulang humina ang production sa farm

kaya napagdesisyunan ng kanyang papa at ng mga kapatid nito na ibenta na lang. Hindi pumayag ang kanyang lola, kaya hindi iyon naibenta pero pinabayaan naman. Hanggang sa mamatay ang kanyang abuela ay walang nagkainteres sa farm maliban na lamang kung ibebenta iyon. At hindi iyon magagawa dahil nakapangalan iyon kay Jarrod.

Mahilig siyang magbakasyon sa lola niya noong nabubuhay pa ito. He admired the horses, the cows, the poultry, the trees, and everything. Nang lumaki na siya at nag-aral sa college ay patuloy pa rin siyang nagpupunta roon, kahit pa nga closed na ang operation ng farm.

Nabigla ang kanyang pamilya nang malaman ng mga ito ang nais niyang mangyari. Alam niyang disappointed ang mga ito sa kanya, kulang na lamang pagtawanan siya. That's when he realized he could not please them, so why would he even try?

Kinalimutan niya ang tungkol sa farm, He did what he wanted to do to appease his broken ego, and maybe even his dreams. He fooled around a lot, which landed him most of the time in the bed of pretty girls, and sometimes in a stinking cell. His family hated him for it, and he was glad. Finally, they noticed just how f*cked-up his life had been because

nobody would listen to him.

Why does this bloody phone keeps ringing? He picked it up again, expecting to hear Christine's ranting only to hear a heartbreakingly familiar voice. 'Yes' was all he could muster. Matagal nang natapos ang tawag, ngunit ramdam pa rin niya ang emotional turmoil sa kanyang kalooban. How many times have I imagined this? How many years have I waited to finally get this?

Umupo siya sa sofa at tumingin sa kisame. Suddenly, all thoughts of Christine's feisty sister got lost and the caller was the only one that mattered. Tinimbang niya ang damdamin at nakadama siya ng kaligayahan. Then a smile formed on his lips, a smug smile even.

So they finally need me. Really need me this time. Ah, Jarrod Salcebar, you are one lucky bastard!

One hour, and his life would shift according to his coordinates. And it did.

2

Katulad ng inaasahan, nagtapos bilang valedictorian si Nina. Masuwerte siya na sa wakas ay pumayag ang kanyang mga magulang na ipagpatuloy niya ang pag-aaral sa Manila. AB Mass Communications ang kinuha niyang kurso sa *UP Diliman*. Noong bago pa siya sa Manila ay weekly kung dumalaw ang mommy niya, but later on ay naging madalang na. Tumatawag na lang ito sa cellphone upang kamustahin siya.

Ang kanyang Ate Christine ay nag-graduate na sa kurso nitong Veterinary Medicine noon pang isang taon, nasa second year college pa siya. Umuwi pa siya ng Morterra upang um-attend ng graduation rites nito. Very proud and happy ang kanilang mga magulang dahil sa wakas ay nakapagtapos na ang ate niya. Simula nang makipaghiwalay ito sa Jarrod na iyon ay naging matino na ito sa pag-aaral, kabaligtaran noon na mas lalo itong sumesemplang kapag nakikipag-break sa nobyo.

May mga dine-date ang kapatid pero hindi raw seryoso. Ngayon ay may clinic na ito sa Morterra at ito ang pinakamagandang beterinarya sa buong bayan nila. Masaya siya para kay Christine dahil alam

niyang masaya ito ngayon kahit walang boyfriend.

Ngayon naman ay siya ang magtatapos sa college. Masaya siya dahil sa loob ng apat na taong pakikipagbuno niya sa pahirapang pag-aaral ay ga-graduate na siya. May mga offers na sa kanya upang maging newscaster sa ilang mga kilalang TV networks, pero hindi pa siya desidido kung ano ang pipiliin. Ang balak sana niya ay ang magbakasyon muna kahit na isang buwan lang. Saka na niya pag-iisipan kung saan ba talaga siya magtatrabaho kapag nabigyan na niya ang sarili ng tamang pahinga at nakapag-unwind na siya.

Kompleto ang pamilya niya sa graduation. Pero ang mommy lamang niya ang pumasok sa loob ng *UP Theater* dahil isang escort lamang ang allowed. Pagkatapos ng seremonya ay balak nilang mag-check-in sa isang kilalang hotel at doon magpalipas ng gabi. Doon na rin sila mag-di-dinner for the celebration.

Simula nang matanggap ni Jarrod ang tawag mula sa kanyang ina at sinabing pumayag na ang papa niya na pahiramin siya ng perang gagamitin sa muling pag-o-operate ng farm ay natuwa siya. Nakita na rin ng kanyang pamilya kung ano ang gusto niya. For the last four years, he worked very hard to make

the farm a premiere in the market, na siyang nagawa niya.

Ang ekta-ektaryang lupain at ang malawak na manggahan ay ngayon isa nang kilalang producer ng karneng baka, baboy, at manok. Producer din sila ng itlog ng manok at itik, naging exporter na rin sila ng manggang Cebu sa ibang bahagi ng Asia.

His family was proud of him, especially his mom.

Ang kanyang ama ay pinipilit pa rin siyang mag-venture sa exporting ng livestock na ayaw naman niyang gawin dahil mas concerned siya sa Philippine market. Hindi siya businessman lang, he made it a point na ang mga produkto sa farm ay may beneficial impact sa mga Pilipino. He didn't want to be like his father, thinking of profit more than the benefit of the consumers. Ipinaalala niya sa ama na ginagawa niya ang nais sa sarili niyang paraan. Tatal naman ay matagal nang bayad ang inutang niyang pera rito, kaya wala itong maireklamo.

Umaayon ang takbo ng buhay niya sa kanyang kagustuhan. He had the farm, the business, the money, the villa and a beautiful girl in his bed. Nothing serious, she wanted sex as much as he wanted it, so no strings attached—just like what he always wanted in a woman.

Tomorrow, he'll see another pretty woman. Napangiti siya, *No, not as a lover but on a purely business purpose*, na alam niyang hindi tatanggihan ng magandang beterinarya.

“So, do you agree?”

Matagal na panahon nang hindi niya nakita si Christine, at nagyong nakita niya itong muli ay masaya siya at maayos ito and very much respected as a vet. Si Ruel na kaibigan niya at nagtatrabaho sa kanya ang nag-refer na kunin ang serbisyo ni Christine dahil magaling daw ito. He immediately scheduled an appointment to see her.

Ngayong magkakarap na sila ay wala siyang nararamdaman na animosity sa kanilang pagitan. Hindi na galit sa kanya ang dating nobya sa ginawa niya sa kapatid nito noon. That had been a very foolish act really, at hanggang ngayon nga ay nahihiya pa rin siya sa kanyang sarili sa tuwing naaala niya ang pangyayaring iyon.

“Of course! I'd like to work for you, Jarrod,” nakangiting saad ng dalaga.

She was smiling at him and looking very pretty. Matangkad ito, mga 5'7” marahil, slim and fair. Maliit

ang mukha nito with chinita eyes, matangos ang ilong at maliit pero mapupulang labi. May hawig ito at ang kapatid nitong si Nina, ngunit malaki rin ang difference ng facial features ng dalawa. Ano na kaya ang hitsura ngayon ng bookish little sister nito?

“Kumusta na pala si Nina?”

“Well, kaga-graduate lang ni Nina last month from *UP Diliman*, MassCom ang course niya,” sagot nito.

“Really? Is she working?”

“Not yet, she’s still considering her options. From what she told me, may offer ang media company ninyo sa kanya. Hindi pa nga lang siya sigurado kung tatanggapin niya iyon. Anyways, I have pictures here if you want to see her. I know you’ve been guilty, Jarrod,” nakangiting sagot ng doktora.

Binuksan ni Christine ang drawer ng mesa nito upang hanapin ang graduation pictures ni Nina pati na ang mga larawan nito sa Boracay kasama ang college friends nito. Nang makita ang hinahanap ay iniabot nito sa kanya ang album containing Nina’s pictures.

Yes, she grew up very pretty, anang isipan ni Jarrod habang binibistahan ang magandang dalagang

nakangiti sa larawan. Matangkad at maputi ito tulad ni Christine, but the striking difference between the sisters was their hair— Nina's was long and curly while Christine had straight hair. Tila buhok ng sirena ang crowning glory ni Nina and he thought it was hot.

Nagpatuloy siya sa pagtingin sa album at nakinig kay Christine habang ipinapaliwanag nito sa kanya ang ilang mga kuha sa larawan. Napakaganda nga ni Nina. She was not a kid anymore but a strikingly beautiful woman with a mermaid's hair. Another flip at nakita niya ang picture na kulang na lang ay ikalaglag ng panga niya.

Nina was wearing a dark green two-piece bikini, her hair in its full glory na nakasabog sa mapuputing balikat nito. Her legs were endless and slim, her waist small yet curvy and her breasts full na hakab sa suot nitong bikini.

Mukha itong isang beach babe o kaya ay isang model ng swimsuit edition ng *Victoria's Secret*. She looked more enticing than the white sand beach on the backdrop.

“She is very pretty. I didn't expect her to grow up like that. Sigurado ka bang hindi siya model or something?” pasimple niyang tanong kay Christine at iniabot pabalik dito ang album.

Kinuha nito iyon saka ibinalik sa drawer. “Yes, she is. Actually, some talent scouts wanted to convince her to try modeling. But my sister doesn’t want to be exposed like that. You know, always the kagalang-galang type.”

“Yeah, right. I remember.” Tumango-tango pa siya.

“When do I start then?” pag-iiba nito ng usapan na ang tinutukoy ay ang pagsisimula nito sa trabaho bilang beterinarya niya.

“Next week. Susunduin kita rito para makita mo muna ang farm bago mo suriin ang mga hayop,” sagot niya at tumayo upang magpaalam na sa kanya.

“Okay. See you next week then, Jarrod. It’s nice seeing you again after all those years.” Tumayo ang dalaga upang ihatid siya sa pinto ng clinic.

“Me too, Christine. See you next week, Doc.” Nakangiting lumabas ang binata at nagtungo sa kotse niya. Bago sumakay ay kumaway muna siya sa babae saka pinaandar ang sasakyan.

Hindi maalis sa kanyang isip ang mga litrato ni Nina.

She’s damn hot!

3

Tinanggap ni Nina ang alok ng *SBN* bilang isang TV reporter/host.

Ang *Salcebar Broadcasting Network* ay isang giant media network sa Pilipinas at nakapag-air na rin ito sa iba't ibang bansa. Alam niyang pagmamay-ari iyon ng pamilya ni Jarrod, kaya nga nagdalawang-isip siyang tanggapin ang offer ng kompanya. Naiinis pa rin kasi siya sa isiping napakabastos ng isa sa mga tagapagmana ng higanteng network na ito. Pero naisip din niya, hindi naman siguro sila magkikita ng lalaking iyon dito o kung sakaling magkita ay hindi naman siguro araw-araw.

Besides, malaking opportunity ang mawawala sa kanya kung tatalikuran niya ang ganito kalaking offer. At hindi tanga ang isang Nadine Eleanor Navales para tanggihan iyon. Next week ay magpipirmahan na sila ng kontrata sa media center ng *SBN* upang maging official na ang pagtatrabaho niya roon, at sa susunod na linggo ay magsisimula na siya bilang isang TV reporter.

Nina Navales, a TV correspondent. P'wede!

Ngunit hindi niya inaasahan ang malalaman mula sa kapatid. Nakakatawa talaga ang tadhana. Kani-kanina lang ay tinanggap niya ang offer ng media network ng pamilya ni Jarrod; ngayon naman ay katatawag lang ng Ate Christine niya para ibalita na pumayag itong maging veterinarian sa farm ng lalaki. It's really weird how fate plays with her. Kung ano pa ang iniwasang mangyari ay siya pang nangyayari. Napapakamot sa ulong ibinaba niya ang cellphone at nagtungo sa kusina ng kanyang apartment upang magtimpla ng gatas.

Ilang beses na ba niyang napanaginipan si Jarrod? Ilang taon ba ang nagdaan upang mapagtanto niya na hindi bangungot ang mga iyon? In those dreams, she was actually wishing for him to make her dreams come true. Everything was so freaking absurd. And she felt so abnormal.

Kung anuman ang dahilan ng intolerable attraction niya kay Jarrod apat na taon na ang nakakalipas, hindi niya hahayaan iyon na humadlang sa kanyang magiging trabaho lalo na't may possibility na magkita sila sa *SBN Tower* dahil isa itong Salcebar.

She was wearing a pencil cut, high-waist black skirt and a simple pink turtleneck sleeveless blouse

under a black coat. She wore her black stilettos to complement her look. Itinaas niya ang kanyang mahabang buhok in a French bun at naglagay ng manipis na makeup. Nang makontento sa kanyang ayos ay binitbit niya ang kanyang black clutch bag at lumabas ng kanyang apartment.

Pumara siya ng taxi at nagbigay ng instructions kung saan siya pupunta.

Nang makarating siya ng *SBN Tower* ay pumasok siya sa loob ng modernistic architectural giant. Pumasok siya sa elevator at pinindot ang ground floor button. Nang magbukas ang elevator ay nakita niyang walang laman iyon.

Pumasok siya sa loob ng lift at habang hinihintay na magsara ang pinto niyon ay may isang lalaking nakasuot ng suit and tie ang nakita niyang patakbong nagtungo roon. Nang makapasok na ito sa loob at nagsara na ang elevator, pakiramdam ni Nina ay nasusunog ang building. The small space suddenly became humid.

“Sowe meet again,” anang lalaking nakaamerikana. Pinilit niya ang sarili na huwag tingnan ito.

“Yeah, small world,” sagot niya na hindi ipinakitang nagririgodon ang kanyang puso. Hindi

niya maintindihan bakit ganito siya kung make-react dahil kung tutuusin ay ni hindi man lang niya naging crush si Jarrod noong nobyo pa ito ng ate niya.

“So you’re the new reporter. Welcome to the company, Nina,” anito at iminuwestra ang kamay para sa handshake.

Hindi siya puwedeng tumanggi sa magiging boss niya, hindi ba? Tinanggap na lang niya ang nakalahad na kamay nito na isang malaking pagkakamali dahil daig pa niya ang nakuryente sa pagdadaop ng kanilang mga palad. Kaagad tuloy niyang hinila ang kamay at bahagyang napahiya nang pasimpleng tumikhim ito.

“Thank you,” sagot na lang niya sa pag-welcome nito.

Nanatili siyang tahimik sa loob ng elevator at itinatanong sa isip kung bakit ang tagal nilang makarating sa twelfth floor. Sa sulok ng kanyang mata ay nakita niya ang binata na inabot ang twelve button na kaagad ikinapamula ng mukha niya. *How can I be so dumb?* kastigo niya sa sarili.

“You forgot to click the button, I see,” nang-uuyam na sabi nito.

Nag-init ang ulo niya sa pagkapahiya, kaya

hinarap niya ang heredero. “What’s that supposed to mean?” nakapamaywang na asik niya rito. Bahala nang mawalan siya ng trabaho kaysa hayaan niyang paglaruan siya ng lalaking ito.

Hinarap siya nito at humakbang palapit sa kanya. Ngayon ay gahibla na lang ang distansya sa pagitan nilang dalawa. “I meant the way it was said, Lady,” he said with eyes so dark and deep na parang nalulunod siya habang nakatingin sa mga mata nito.

“I think not. I was supposed to press the button but you came in,” mataray pa ring tugon niya kahit pa nga halos mawalan na ng balanse ang kanyang mga paa.

“Why do you sound so defensive? Perhaps...” pambibitin pa nito.

Napansin ni Nina na palapit ang mukha nito sa kanya na tila hahalikan siya. Napalunok siya sapagkat hindi niya makuhang umatras. Her feet suddenly felt so heavy. Nararamdaman na niya ang hininga nitong dumadampi sa kanyang mukha. It was hot, almost steamy. Naririnig niya ang tibok ng puso nito na simbilibis ng sa kanya. Namimigat ang talukap ng mga mata niya kaya ipinikit niya ang mga iyon. Bumukas ang elevator and the magic spell was broken. Tinanaw niya ang binata na mabilis lumabas.

Huminga siya nang malalim at kinapa ang dibdib. May kirot siyang naramdaman. Binale-wala niya iyon at sumunod sa binata. *Stupid, Nina!* pagalit na sabi niya sa sarili habang mabilis na binaybay ang pasilyo ng twelfth floor.

Maayos na naganap ang contract signing, maliban sa lalaking walang humpay ang pagtitig sa kanya na animo'y isa siyang rare specie.

I am a rare specie, so manigas siya sa kakatingin! mataray na pagpapalakas-loob niya sa sarili.

The bosses praised her looks and her curriculum vitaé at walang humpay naman ang pasasalamat niya sa mga ito. Nakipagkamay siya, nakipagnginitan, nakipag-usap at nakipagtawanan din sa mga biro ng mga ito hanggang sa matapos ang contract signing na iyon. Ni minsan ay hindi niya ibinaling ang mga mata sa direksyon ng binatang walang kaabog-abog na iniwan siya sa elevator kanina.

Napag-usapan nila ang bawat detalye na kailangang i-tackle tungkol sa kanyang trabaho. Ang papa ni Jarrod ang CEO ng *SBN*, nalaman niya iyon nang tawagin nito ang matandang lalaki na 'Papa' habang ginaganap ang pirmahan. Nalaman din

niyang si Jarrod pala ay ang tumayong Managing Director of News and Public Affairs, dahil out-of-town ang uncle nito, kaya naroon ito ngayon.

Nang matapos ang pag-uusap ay pagod na lumabas siya ng opisina at dumerecho sa elevator. Sa pagkakataong iyon ay nakipagsiksikan na siya sa lift patungong ground floor. *Crowd is safer than being alone with that jerk.* Lumabas siya ng gusali at huminga nang malalim. Pumara siya ng taxi at nagpahatid pauwi.

Hindi niya napansin ang isang glossy black car na nakasunod sa kanila.

Alas cuatro ng hapon nang magising siya dahil sa pagtunog ng telepono. Inabot niya ang aparato at sinagot iyon. Ang Ate Christine niya ang nasa kabilang linya, sa bilis ng sinasabi nito ay hindi niya mawawaan ang mensahe.

“O, ano, payag ka ba?” sa dulo ng mahabang litanya nito.

Napa-‘oo’ na lang siya sa tanong ng kapatid niya dahil talagang wala siyang naintindihan sa sinabi nito. She got bits of it like farm, tour, morning and that’s it.

“Great! I’ll pick you up at five o’clock in the morning tomorrow. ’Bye, Nina!” And her sister hung up.

Bumalik siya sa pagkakahiga at muling pumikit. Napabangon siyang bigla at natampal ang noo. *What did my sister said? Farm? What the...!* Ngayon ay gising na gising na siya.

“I am so dead,” frustrated na sabi na lang niya at napasabunot sa mahabang buhok.

Dahil hindi na siya inaantok ay bumangon na siya at naglinis ng apartment. Iniisip pa rin niya ang natanguang pangako sa kanyang ate kanina. Pupunta siya sa farm ni Jarrod para samahan ang kapatid. Wala sanang kaso sa kanya ang samahan ito maliban na lang kung pupunta sila sa teritoryo ng binata.

Hindi lamang sa attracted siya sa lalaki kaya ayaw na niyang makita ito, ngunit ang mas nakakabahala sa kanya ay ang posibilidad na magkabalikan sina Christine at Jarrod—isipin pa lang ay may kirot na siyang nadarama. Gaga talaga siya.

Hindi niya alam kung kailan siya nag-umpisang magkagusto sa dating nobyo ng kapatid. Sa simula mainit ang dugo niya rito at ipinagpalagay niyang dahil may topak ito at mahangin. Hindi niya iyon

napapansin dahil unconsciously ay iniawasan niya ang sarili na magkagusto rito na hindi naman naging matagumpay, dahil ilang taon din siyang nagtiis na sa tuwina ay parating napapanaginipan ang herodes na lalaking iyon.

Sa wakas ay inamin na rin niyang nagkagusto nga siya rito. Nakatago lamang ang pagkagustong iyon in the deepest recesses of her mind na kaagad napunta sa foremost part nang magkita sila kanina. Hindi ba at hinintay pa niyang lumapat ang mga labi into sa kanyang bibig sa loob ng elevator?

Okay, so I like him. Then what?

Wala. Walang puwedeng mangyari. Dahil walang makakaalam na may gusto siya kay Jarrod.

Alas cinco ng umaga ay dumating si Christine sa apartment niya. Mabuti na lamang at nag-pack siya ng ilang gamit niya nang nagdaang gabi dahil mag-o-overnight daw sila roon. Nagkuwento ang kapatid tungkol sa farm kaya nalaman niyang nanggaling na ito roon noong isang araw upang makita iyon. Ngunit hindi raw ito nagpaunlak sa pag-tour sa farm dahil may appointment ito nang hapong iyon. Na-postpone ang tour at ngayon matutuloy kaya naisipan

ni Christine na ayain siyang sumama upang may makasama ito.

It was a huge farm with a pretty villa, two hundred hectares of mango grove na ini-export pa ang raw and processed products, a huge operation of commercial feedlot fattening that accounted for the growing demand of the country for local meat products, may swine project din ang farm para sa meat products at poultry project para sa meat and egg products. All in all ay napakalawak nga ng operation sa *Carballes Farm* and no wonder Jarrod was becoming richer than his own father.

The road to Carballes was a trip to hell experience. Sobrang lubak ng daan at maalikabok. Ilang beses din silang tumigil ng kapatid niya sa mga gasoline stations and eateries para kumain and to answer to call of nature. It was a six-hour drive to Carballes, and a few minutes drive to *Carballes Farm*. Sa wakas ay natanaw nila ang malaking iron gate na may karatulang *Carballes Farm*.

This is it. Welcome to hell, Nina, biro niya sa sarili nang baybayin ng pick-up ni Christine ang sementadong daan papunta sa villa.

When she saw the villa, she instantly fell in love with it. It was big, beautiful and majestic just like in

those American cowboy movies. Nang bumukas ang pinto ng villa ay lumabas doon ang isang lalaking nasa edad cuarenta pataas. Lumapit ang matanda sa kanila at nagpakilala bilang si Mang Emil. Iginiya sila nito papasok sa bahay at sinalubong sila ng isang matandang babae na marahil ay asawa ng lalaki. Iginiya sila nito papunta sa malawak na dining hall.

Doon ay may mga nakahanda nang pagkain na kaagad nilang nilantakan. Sinabayan sila ng dalawang matanda sa pagkain. Gusto sanang itanong ni Nina kung nasaan ang may- ari ng farm ngunit nagpigil siya. Mabuti na lang at hindi siya binigo ng ate niya at ito ang nagtanong sa matatanda. Nasa farm na raw ito at nagbilin na lamang na pakainin muna sila bago sila ihatid sa manggahan upang simulan ang pag-iikot.

Iniligpit ni Manang Flor ang kanilang mga dala- dalang gamit at inilagak sa magkahiwalay na mga silid. Nagpasalamat sila sa matanda at matapos makakain ay nagpahatid kay Mang Emil sa manggahan.

Nina's heart started to beat really fast. Normal, she thought. Naisip pa niyang magkunwari na masama ang pakiramdam, subalit sa huli ay nagpasya siya huwag na lamang.

The man is a jerk, Nina. And jerks, usually, know

a lot about faking. You won't stand a chance.

Kahit tanghali na ay hindi mainit sa farm. Marami kasing puno sa dinaraan na nila at masilong din sa manggahan. Presko ang hangin, kaya sa pagsamyong niya nito ay bahagyang naibsan ang kaba niya sa dibdib.

Nang makarating sila sa destinasyon ay namangha siya sa lawak ng manggahan. Walang bunga ang mga puno ng mangga sa panahong ito ng taon, kaya luntian ang kulay na namamayani sa paligid. Huminto sila sa isang maliit na bunkhouse. Mula sa loob ay lumabas ang isang matangkad at matipunong lalaki na sa tantya niya ay mas matanda lang nang bahagya kay Jarrod, mga thirty-three or less siguro ito. Lumabas sila ng *Land Rover* at ipinakilala sila ni Mang Emil kay Gerald.

Si Gerald ang overall in-charge sa farm.

Lumapit sa kanila ang binata at nakipagkamay. Napansin ni Nina na mataman nitong tinitingnan ang ate niya. Kahit nakangiti ito kay Christine, pakiramdam niya ay may mga bagay na naglalaro sa isip nito. Matapos makipagkamay sa kapatid niya ay sa kanya naman ito nag-alok ng kamay na kaagad niyang tinanggap.

He seemed nice. Aside from his curious way of looking at her sister ay nararamdaman niyang mabuti itong tao. Guwapo rin si Gerald. Malaki at matipuno ang katawan nito at cowboy na cowboy ang dating. Hindi man lang nakabawas sa kaguwapuhan nito ang maruming pantalon at maputik na boots.

“Nasabi ni Jarrod na darating ang doktora at ang kapatid niya, so here I am.” Ipinamulsa nito ang dalawang kamay sa pantalon nito. “I was tasked to meet you here and bring you to Jarrod. We need to walk a few steps to where he is. The car won’t make it there so this would be the nearest point going there,” he said in smooth English which impressed Nina.

Iniabot nito sa kanila ang dalawang malalaking sombrero at matapos nilang maisuot iyon ay nagpatiuna ito sa paglalakad. Habang naglalakad ay nakipag-usap si Christine dito.

Napangiti siya sa dalawa. Sa wari niya ay hindi siya nakikita ng mga ito kaya nanatili na lamang siyang tahimik. Cats and dogs usually hook up.

Ilang minuto pa’y natanaw niyang nasa isang clearing na sila. Napapalibutan sila ng daan-daang puno ng mangga. May mga trabahador na nagpu-prune sa mga sanga ng mangga at doon sa bungad ng kubo ay nakatayo ang lalaking kahapon lang

ay muntik na siyang hagkan sa loob ng elevator. O muntik nga ba? Hindi ba at mukhang siya lang naman ang nag-assume na gusto siya nitong hagkan?

“Maiwan ko na kayo. Naroon si Jarrod.” Bahagyang yumukod sa kanila si Gerald at umalis na upang puntahan ang mga tauhang namumutol ng sanga.

Nang ibalik niya ang tingin kay Jarrod ay nakakunot na ang noo nito. Si Christine ay naunang lumapit dito at animated na nag-usap ang dalawa. Wala sana siyang balak na lumapit sa mga ito kung hindi lang siya nilingon ng ate niya at sinenyasan siyang lumapit. Nakangiti siyang lumapit sa mga ito and greeted Jarrod with all the civility she could manage. Gumanti ito ng bati sa kanya at inaya silang pumasok sa kubo.

Nasa loob na sila ng kubo at binigyan sila ni Jarrod ng tig-isang buko ng niyog upang inumin ang sabaw niyon. Walang kiyeme na itinaas niya ang bunga sa kanyang bibig upang uminom. Ganoon din ang ginawa ng kapatid. Matamis ang sabaw ng niyog at dahil nga walang straw ay bahagya siyang nabasa.

Tumayo si Christine at sinabing mag-iikot na muna sandali. Hindi naman niya makuhang pigilan ang kapatid dahil baka mag-isip pa ito na ayaw

niyang maiwang mag-isa sa kubong iyon na kasama si Jarrod.

Hindi niya napansin na bahagyang nabasa ang damit niya sa bandang dibdib kaya nagpatuloy lang siya sa pag-inom. Hindi rin niya nakita na napadako ang mga mata ni Jarrod sa bahaging iyon ng kanyang katawan. Nang mabusog siya ay binaba niya ang buko sa lamesita at saka lang napansin na nabasa pala ang damit niya. Kinuha niya ang panyo sa bulsa at pinunasan ang bahaging nabasa.

Hindi alam ni Jarrod kung mayroong idea si Nina sa ginagawa nito. Her action was making him feel like a bull on the go. He wanted to grab her right there and then...

“You can at least try to stop doing that,” pabuntong-hiningang sabi niya sa dalaga na may tono ng iritasyon. Tumigil naman kaagad ito sa ginagawa at tinaasan siya ng kilay.

“What?” nanlalaki ang mga matang tanong nito. Hindi talaga nito alam na naapektuhan siya sa ginagawa nito. Pinukol na lang niya ng tingin ang nabasang dibdib ng babae at saka ibinalik ang mga mata sa mukha nito. Nakita niya ang pamumula ng mga pisngi nito.

“You can at least try to be a gentleman,” sikmat nito. Tuluyan itong tumigil sa ginagawa.

“I can’t, Babe, not when I’m with you,” he teased. Gusto niyang nakikita ang mukha nitong namumula sa galit. Mas lalo itong gumaganda sa paningin niya.

“Bastard!” asik nito at iniwan siyang natatawa sa loob ng kubo.

Nang magsimula silang mag-tour ng farm ay nakita ni Nina kung gaano ka-efficient ang pamamalakad dito. She saw the cattle grazing on the field, the swine, and the poultry. Ipinakita sa kanila ni Jarrod ang mga alaga nitong kabayo—all were thouroughbreds. Apat lang ang kabayong naroon at iisa lamang ang babae sa mga iyon, ayon na rin sa binata.

Dinala rin sila nito sa factory kung saan ginagawa ang processing ng meat products. Maging ang slaughterhouse ay ipinakita rin sa kanila ngunit nagpilit siyang magpaiwan na lang sa labas. Hindi niya masikmurang makita na pinapatay ang kaawa-awang mga hayop.

Nang sa wakas ay lumabas ang dalawa mula sa slaughterhouse ay sumakay silang muli sa *Land Rover* at nagtungo sa isa pang factory. Doon ay ipinakita sa

kanila ni Jarrod kung paano ginagawa ang processing of sweetened mangoes and canned milk products. Hindi lubos-maisip ni Nina kung paanong nagawa ng lalaki ang lahat ng ito. From a stagnant farm ay naging isang productive farm na ito ngayon na tinitingala ng iba pang nagnanais na mag-venture sa ganitong business.

Naging inspiration si Jarrod sa mga small entrepreneurs dahil sa napagtagumpayan nito. *What could a man like him wish for?* Isang tahimik na tanong na gusto niyang malaman ang sagot mula rito. Ngunit paano? At paano rin niya makukumbinsi ang sarili na huwag itong lalong magustuhan?

The man was complicating her life.

Natapos ang pag-iikot nila sa farm at bumalik na sila sa villa para sa hapunan. Pagbaba ni Nina matapos makapag-shower ay nakita niyang nasa hapag-kainan na ang ate niya, si Jarrod, ang mag-asawang caretaker at si Gerald. Naupo siya sa tabi ni Jarrod dahil iyon na lamang ang upuan na bakante.

Nang matapos ang hapunan ay nagpaunlak silang apat na pumunta muna sa veranda at uminom ng beer.

“Nina doesn’t drink,” sabi ng ate niya sa dalawang

lalaki.

“And you do?” tanong ni Gerald kay Christine na hindi mabasa ang ekspresyon sa mukha.

“Yes, I do,” taas-noong sagot nito sa lalaki

“I can have a juice,” aniya para naman hindi maiwan ang kapatid sa dalawang barakong ito.

Nag-utos si Jarrod kay Manang Flor na ipagtimpla siya ng fresh orange juice. Nagpasalamat siya rito at naupo sa isang narra chair na nasa veranda.

Umupo ito sa kanyang tabi at tinitigan siya. Naiilang si Nina ngunit hindi na siya nagtangkang lingunin ito. Ayaw niyang maulit ang nangyari sa elevator. Sa halip ay tumingala siya sa madilim na langit at pinanood ang mga bituin. She wished for a shooting star dahil siguradong-sigurado na siya sa hihilingin niya. She saw the bright Venus instead. Makislap talaga ang favorite star niya at napakaganda.

Alam niyang nakatingin pa rin si Jarrod sa kanya, kaya hindi pa rin siya bumabaling sa gawi nito.

Dumating si Manang Flor dala ang kanyang orange juice. Nagpasalamat siya rito at sumimsim ng inumin. Napadako ang mga mata niya kay Gerald na nakatalikod sa kanya at nakatingin sa malawak na

manggahan. Nang bumaling siya kay Jarrod ay nakita niyang hindi na ito nakatingin sa kanya. Sa halip ay kausap na nito ang kanyang ate.

Mayamaya pa'y tumayo siya at naglakad-lakad sa veranda. Malawak iyon and designed very manly. May mga bulaklak sa paligid, ngunit piling-pili ang mga iyon at hindi karamihan. Ang narra garden set ay ang pinaka-centerpiece ng bahaging iyon ng villa.

Napansin niyang may swing sa bandang gilid. Napapalibutan ito ng kung anu-anong ferns and potted plants. Nagtungo siya roon at umupo sa bakal na duyan at bahagyang pinakilos iyon.

Buong maghapon na magkasama sila ni Jarrod ay naninikip ang dibdib niya sa tuwing nag-uusap ito at ang ate niya with the fondness na hindi niya makita kung siya ang kausap nito. Alam niyang somehow ay nagkabalikan na ang dalawa, subalit hindi niya mapigilan ang sarili na huwag isipin ang mga nangyari sa kanila ng binata. Muntik na siya nitong halikan sa elevator noong isang araw at kanina naman ay may kung anong ipinapahiwatig ito sa mga sinasabi nito sa kanya.

Kung ginagawa nito iyon para inisin siya ay nagtatagumpay ito. The man never failed to infuriate her, more so now that he seemed very much into her

one moment and very much into her sister the next.

Hindi niya gusto ang nararamdaman, at aware siya na masasaktan lang siya kung hindi pa niya ititigil ang kanyang kahibangan. Kung anuman ang dahilan nito kung bakit ginagawa nito ang mga bagay na iyon sa kanya ay hindi na niya pag-aaksayahang alamin.

Napatuwid siya ng upo sa swing nang mamataan ang mismong lalaking laman ng isip niya na nang mga sandaling iyon ay papalapit sa kanya at simpatikong nakangiti na animo hindi ito galing sa pakikipagharutan sa ate niya.

“What now?” she asked

“You left your juice,” sagot nito sa baritono nitong tinig saka iniabot sa kanya ang baso ng orange juice na hawak.

Inabot niya ang baso at nagpasalamat dito.

“Gerald is not interested in you,” pagkuwan ay sabi nito na nagpagulat talaga sa kanya.

“I don't really care,” mahinahon niyang tugon. Ayaw niyang makipagdiskusyon dito lalo na kapag nakasuot lang ito ng khaki pants and a blue V-neck shirt and looking every inch a heartthrob.

“You should, because you’re gonna get hurt if Gerald decides to court your sister.” Lumapit ito para mismong ito ang dumuyan sa kanya.

Pinabayaan lang niya ito sa ginagawa. “You are worried,” mahinang saad niya na may kirot sa dibdib sa kaalamang natatakot ang lalaki sa possibility na liligawan ni Gerald si Christine.

“Yes,” walang gatol na sabi nito na iba ang nilalakbay ng isipan.

Natatakot si Jarrod na baka magustuhan lalo ni Nina si Gerald. Sigurado siyang gusto ng lalaki si Christine, pero ang isiping masasaktan ang babaeng ito na nakaupo sa swing sakali mang maging seryoso sa pagitan ng dalawa ay masasaktan din siya. Pero bakit ba dapat siyang masaktan kung masasaktan si Nina? Dahil alam niyang magiging komplikado ang mga bagay-bagay sakaling pag-iisipan niya iyon.

He never thought about any woman before, not even Christine, save for the time when he accidentally hurt her little sister na ngayon nga ay nakaupo pa sa swing na idinuduyan niya, leaving her tempting scent trailing behind her na higit na nagpapahirap sa kalooban niya.

“You have to move faster then. Ayaw ni Ate

Christine nang mababagal,” mayamaya ay sabi ni Nina at bigla ay napahinto ang lalaki sa pagduyan sa swing.

Muntik nang siya mahulog at masubsob sa damuhan si Nina kung hindi niya napigilan ang pagbagsak. Pinandilatan niya ito ng mga mata at kaagad siyang bumaba ng swing upang harapin ang antipatikong lalaking ito. Bago pa man siya makapagsalita ay nagsalita na ito.

“Are we talking about the same thing here?” tanong nito, nakakunot ang noo.

“What? I... I—” nauutal na sagot niya dahil hindi niya maintindihan ang sinasabi nito.

“Oh, shit!” mura ni Jarrod at kinabig ang baywang niya saka sinakop ng mga labi nito ang nakaawang niyang bibig.

Kulang ang sabihing nagulat siya. She was surprised and confused and happy and giddy all at the same time. Madiin ang halik ng binata, he wanted her to surrender to his kisses. Hindi niya malaman kung paano mag-re-react sa halik nito. She was never kissed before. Not like this. And the kiss went from wild to soft at doon ay nadarang siya.

Kumilos ang mga labi niya at naramdaman

niyang tumigil ito—parang nagulat ito sa response niya—ngunit panandalian lamang iyon. Hinapit siya nitong lalo palapit sa katawan nito at hinigpitan pa ang pagkakayakap sa kanyang baywang. Ngayon ay hindi lang niya nararamdaman ang halik ng lalaki, ngunit maging ang tibok ng puso nito ay damang-dama niya.

Matagal na nangusap ang kanilang mga labi at alam nilang kailangan na nilang tumigil bago pa man sila hanapin ng dalawang taong nasa veranda.

Jarrod released her mouth then removed his hold around her waist. Nang imulat niya ang mga mata ay hindi niya mabasa ang damdaming nasa mga mata nito. His eyes were dark and deep and clouded by passion na hindi niya mabasa kung ano ang damdaming nakakubli sa likod ng kapusukang iyon.

Umiling-iling ito na para bang sising-sisi ito sa ginawang paghalik sa kanya. Nang umatras ito ay bigla siyang natauhan at inubos ang laman ng basong hawak-hawak pa rin pala niya.

The juice didn't help, she was still burning. And that burning reached her eyes at alam niyang anumang sandali ay iiyak na siya. Tumalikod siya sa lalaki at sinabing mauna na ito at susunod na

It's Complicated - Luna Amparo

lamang siya. Nang marinig niya ang mga yabag nitong papalayo ay saka niya hinayaang bumagsak ang luha mula sa kanyang mga mata.

Realization hit her; she was in love with him!